



## HiHo Academic Scholarship Program

### Layunin

Layon ng HIHO Academic Scholarship Program na mabigyan ng pagkakataon ang batang Pilipino na makapag-aral sa HiHo sa pamamagitan ng *subsidized* na paaral. Maaaring makatanggap ang mag-aaral ng 50% o 100% *scholarship* mula *tuition fees* lang (*monthly scheme* lang ang *payment option*). Ibinibigay ito sa mga batang aplikante na mayroong mabuting kaugalian at nakapagpakita ng magandang grado o katumbas na kuwalipikasyong pang-akademiko sa kanilang paaralang pinanggalingan. Makalikha ng mga mag-aaral na magiging bahagi sa pagpapaunlad ng pamayanan at magiging kapaki-pakinabang na mamamayan.

### SAKOP NG PROGRAMA

Ang programa ay sasakop sa mga kabataang nakatatanggap ng parangal pang-akademiko ngunit may mga magulang na sapat lamang ang kakayahan para sa pagpapaaral ng kanilang anak nang walang kalabisan. Maaari lamang mag-*apply* sa kahit saang *scholarship program* ng hindi hihigit sa dalawang beses sa isang taon.

#### I. Mga Kuwalipikasyon at Pangangailangan para Makapasa

Bukas ang *scholarship program* sa mga batang Pilipinong may natatanging galing o talino na makapapasok sa mga sumusunod na kuwalipikasyon:

##### A. Pang-akademikong Kuwalipikasyon para sa Bagong Aplikante

- Ang bata ay nakatanggap ng *final general average* na 95% o higit o nakatanggap ng ikalawa o unang karangalan (*With High Honors or with Highest Honors*) sa loob ng nakaraang taong pang-akademiko upang makatanggap ng 100% *tuition fee scholarship*.
- Ang bata ay nakatanggap ng *final general average* na 90% o higit o nakatanggap ng ikatlong karangalan (*With Honors*) sa loob ng nakaraang taong pang-akademiko upang makatanggap ng 50% *tuition fee scholarship*.

##### B. Pangkalahatang Pamilyang Kuwalipikasyon para sa Lahat ng Iskolar

- Ang taunang kita (*gross*) ng ama at ina (o kung isa lamang ang nagtatrabaho) na may isang anak na binubuhay ay hindi hihigit sa P260,000. Katibayan nito ay ang *BIR-validated Income Tax Return*, *mga payslips*, o anumang katibayan o sertipikasyong manggagaling sa baranggay na kinabibilangan (*indigent*). Karagdagang pag-aaral sa kapasidad ng pamilya ang gagawin kung sakaling higit sa isang anak ang binubuhay o higit sa P260,000 na taunang suweldo ang nakatanggap ng mga magulang.
- Kopya ng electric or water bill (tatlong buwang bill).
- Mga resibo at katunayang dokumento kung mayroon mang malaking pinagkakagastusan ang mga magulang na mahalaga sa pamilya (tulad ng pagpapagamot mula sa malubhang karamdaman o trahedyang dumating sa pamilya na mangangailangan ng matagalang paggastos).
- Ang pamilya ay namumuhay ng payak at walang luho o ari-ariang masasabing kalabisan (tulad ng higit sa isang sasakyan, malaking tahanan o mamahaling kagamitan). Patutunayan ito sapamamagitan ng pagtanggap ng pamilya papasok sa kanilang tahanan ang mga school representatives kapag dumalaw ang mga ito.
- May mga magulang na malakas ang adhikang makapagtapos ang mga anak hanggang kolehiyo.
- Aktibo ang pagsuportang ipamamalas ng magulang sa paaralan sapamamagitan ng paglahok sa lahat ng buwanang pagtatanghal ng mga bata. *Required* dumalo ang magulang sa hindi bababa sa dalawang DIALOGUES at PASTA activities ng paaralan. Itatala ang mga pagkakataon ng pakikilahok. Maaaring maka-apekto sa pagpapatuloy ng *scholarship* ang pagliban sa mga gawaing pampaaralan.

*\*Karagdagang imbestigasyon ang gagawin ng paaralan upang matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong hinihingi mula sa pamilya ng aplikante. Kung hindi makumpleto ng mga school representatives ang katiyakan ng mga impormasyong ibinigay dahil sa isa o higit pang kadahilanan, tulad ng hindi pinayagang makapasok sa tahanan ang mga representatives, maaaring maging dahilan ito ng pag-deny sa aplikasyon.*

##### C. Dagdag Kuwalipikasyon para sa mga Bagong Aplikante

- Ang *deportment o conduct mark* sa anumang kapat noong nakaraang taon ay hindi bababa sa 85%, B o katumbas mula sa paaralang huli niyang pinanggalingan.
- Kailangang makakuha ng 87% o pataas sa *entrance exam* ng HiHo.

## II. Paraan sa Paghahain ng Aplikasyon

1. Punan ang Scholarship Application Form mula sa [www.hiholearningcenter.com/scholarsip](http://www.hiholearningcenter.com/scholarsip) ;
2. I-scan ang mga hinihinging dokumento at i-upload sa website habang nag-fifill-out ng scholarship form ;
3. Hintayin ang tawag o text msg. ng paaralan para sa petsa ng interview at ebalwasyon

## III. Dokumentong I-upload sa Website

1. Para sa pampinansiyal na kakayahan ng mga magulang: *Tatlong (3) buwang payslips, Income Tax Return, o Baranggay Clearance* ng lahat ng nagtatrabaho para sa pamilya
2. Para sa *address* ng tahanan: electric bill, water bill o credit card bill
3. Kung may pinagkakagastusan ng malaki: katumayan tulad ng mga resibo ng gamot o treatment, sulat o affidavit mula sa kinauukulang tao, pangkat o institusyong binabayaran o pinagkaka-utangan – mangangailangang patunayan ng mga magulang na sila ang nagbabayad ng mga gastusing ito at hindi umaasa sa padala o kamag-anak.
4. Report Card noong nakaraang taon

## IV. Mga Kailangan para sa Pagpapatuloy ng Scholarship

Hinihikayat ang lahat ng iskolar ng *HiHo Academic Scholarship Program* na magpamalas ng magandang marka sa bawat bahaging pang-akademiko at *character development* upang maipagpatuloy ang *scholarship* na ibinibigay sa kanila. Dapat tandaan ng mga aplikante at mga magulang ang mga sumusunod:

- Para sa lahat ng iskolar, hindi maaaring makakuha ng markang mas mababa pa sa AA sa lahat ng *minor subjects* at anumang bahagi sa *department* sa kahit anumang kapat sa loob ng isang taong pang-akademiko. Kung sakaling hindi umabot ang iskolar sa markang ito, siya ay *automatic* na matatanggalan ng *scholarship* at kakailanganin na niyang magbayad ng *tuition* sa susunod na kapat o taon batay sa orihinal na *monthly scheme*.
- Para sa mga may 100% *tuition fee scholarship*, hindi maaring makakuha ng general average na mas mababa sa M1 sa anumang kapat sa loob ng isang taong pang-akademiko. Kung sakaling hindi umabot ang iskolar sa nakatakdang marka, siya ay magiging PROBATIONARY para sa susunod na kapat. Kung sakaling makatanggap ang iskolar ng higit isang PROBATIONARY sa loob ng isang taon, tatanggalin agad ang kaniyang orihinal na *scholarship* bago magsimula ang panibagong kapat. Kung sakaling magkaroon ng isa o higit pang bagsak na marka sa anumang asignatura, siya ay *automatic* na tatanggalan ng *scholarship*. Kung matatanggalan ng *scholarship*, kinakailangang magbayad ng *tuition* batay sa orihinal na *monthly scheme*. Maaari namang mag-apply ng scholarship para sa 50% tuition fee scholarship sa anumang kapat ng taon. Sumadya lamang sa opisina at punan muli ang application form.
- Para sa mga may 50% *tuition fee scholarship*, hindi maaring makakuha ng general average na mas mababa pa sa HA sa anumang kapat sa loob ng isang taong pang-akademiko. Kung sakaling hindi umabot ang iskolar sa nakatakdang marka, siya ay magiging PROBATIONARY para sa susunod na kapat. Kung sakaling makatanggap ang iskolar ng higit isang PROBATIONARY sa loob ng isang taon, tatanggalin agad ang kaniyang orihinal na *scholarship* bago magsimula ang panibagong kapat. Kung sakaling magkaroon ng isa o higit pang bagsak na marka sa anumang asignatura, siya ay *automatic* na tatanggalan ng *scholarship*. Kung matatanggalan ng *scholarship*, kinakailangang magbayad ng *tuition* batay sa orihinal na *monthly scheme*.
- Maaaring maibalik ang kaniyang *scholarship* matapos ang dalawang sunod na kapat na may markang angkop sa antas ng *scholarship* na nais pasukan.
- Taun-taon gagawin ng mga magulang ang pagpapatunay na ito upang ipakita ang patuloy nilang pagsuporta sa layunin ng *HiHo Scholarship Program*. Hindi *automatic* ang pagtanggap ng *scholarship* kada taon. Dumadaan muli sa pagsusuri ng School Council ang mga nais magpatuloy ng kanilang *scholarship*. Hinihingi mula sa mga magulang ang mga sumusunod bago magsimula ang bagong taong pang-akademiko:
  - Bagong aplikasyon para sa Scholarship mula sa [www.hiholearningcenter.com/scholarship](http://www.hiholearningcenter.com/scholarship)
  - Pinaka bagong mga Payslips, Income Tax Return ng lahat ng nagtatrabaho para sa pamilya, o Baranggay Clearance (*indigent certificate*).
  - Mga bagong katumayan ng mga gastusing mahalaga para sa pamilya (mga resibo, sulat, atbp)